

Hulyo 29, 2019

MEMORANDUM BILANG AVPM 19-015

PARA SA: Tagapag-ugnay ng NSTP sa Kolehiyo, Nangangasiwa ng NSTP sa CRS ng mga Unit na Naghahain ng NSTP

MULA KAY: (SGD) **KAT. PROP. ARLYN P. MACAPINLAC**
Direktor, NSTP Diliman

TUNGKOL SA: **KAISAHAN SA PAGPAPANGALAN NG SEKSYON NG NSTP SA CRS**

Para po malinaw na magabayan ang mga mag-aaral sa mahahalagang impormasyon kaugnay ng nakahaing kurso ng NSTP sa CRS at maiwasan ang kanilang kalituhan bunga ng iba't-ibang estilo ng Kolehiyo sa pagpapangalan ng kurso ng NSTP, pinagsikapan ng Tanggapan ng NSTP Diliman na makapagbuo ng batayan upang magkaroon ng kaisahan ang pagpapangalan ng seksyon ng NSTP sa CRS. Pinag-aralan at binuo ni Engr. Raymond Freth Lagria, Tagapag-ugnay ng NSTP sa Kolehiyo ng Inhinyeriya, ang panukala para sa nabanggit na pagpapangalan. Nagkaroon ng presentasyon, talakayan at pagpipino sa panukala sa serye ng pulong ng Konseho ng NSTP, kaalinsabay ang pakikipag-ugnayan at pakikipagpulong ng Tanggapan kaugnay nito kay G. Jacob Obinguar, Tagapamuno ng CRS Team ng *Office of the University Registrar* (OUR).

Sa naganap na *Extended NSTP Council Strategic Planning Workshop* noong Hulyo 26-27, 2019, kung saan muli itong tinalakay, napagpasyahan ng Pinalawak na Konseho ng NSTP ang pormang **SUBJECTNAME + COLLEGE + SECTION CODE** para maging *template* ng pagpapangalan sa *section*.

Sa mga nakapagbuo na ng seksyon ng NSTP para sa semestrenge ito, kung saan hindi na mapapalitan ang pangalan ng kurso kung may laman nang mag-aaral ang nabuong klase sa NSTP sa CRS, tanging ang *remarks section* na lamang po ang papalitan upang tuparin ang napagkasunduan ng Konseho. Samantala, maaari pa rin pong sundin ang napagkasunduang pagpapangalan sa kurso at laman ng *remarks section* ng *unit* na magbubukas pa lamang ng klase sa NSTP matapos mabasa ang pabatid na ito. Paunawa pong ang pagbaybay sa Kolehiyo ay ayon sa nakagawiang paraan ng pagsusulat sa mga ito upang madali itong makilala ng mga

mag-aaral (Hal. CMu para sa College of Music; Engg para sa College of Engineering). Nasa ibaba po ang mga halimbawa para sa napagkasunduang pagpapangalan:

PARA SA NSTP/NSTP COMMON MODULE:	
<ul style="list-style-type: none"> Sakaling 1 seksyon lamang mula sa Kolehiyo 	NSTP Engg MCDE
<ul style="list-style-type: none"> Sakaling higit sa 1 seksyon mula sa Kolehiyo na may kaparehong <i>section code</i> 	NSTP Engg MCDE NSTP Engg MCDE-1 NSTP Engg MCDE-2
PARA SA CWTS/LTS:	
<ul style="list-style-type: none"> Sakaling 1 seksyon lamang mula sa Kolehiyo 	CWTS 1 Engg MCDE
<ul style="list-style-type: none"> Sakaling higit sa 1 seksyon mula sa Kolehiyo na may kaparehong <i>section code</i> 	CWTS 1 Engg MCDE CWTS 1 Engg MCDE-1 CWTS 1 Engg MCDE-2
<ul style="list-style-type: none"> Sakaling 1 seksyon lamang mula sa Kolehiyo 	LTS 2 CSSP MCDE
<ul style="list-style-type: none"> Sakaling higit sa 1 seksyon mula sa Kolehiyo na may kaparehong <i>section code</i> 	LTS 2 CSSP MCDE LTS 2 CSSP MCDE-1 LTS 2 CSSP MCDE-2
PARA SA COMMON MODULE NG DMST:	
<p><i>Sapagkat tanging DMST lamang ang naghahain ng ROTC, napagpasyahang direkta nang gagamitin ang ROTC sa halip na pangalan ng naghahaing unit para sa mabilis na pagkakakilanlan.</i></p>	
<ul style="list-style-type: none"> Sakaling 1 seksyon lamang 	NSTP ROTC SCDE
<ul style="list-style-type: none"> Sakaling higit sa 1 seksyon mula sa <i>unit</i> na may kaparehong <i>section code</i> 	NSTP ROTC SCDE NSTP ROTC SCDE-1 NSTP ROTC SCDE-2
PARA SA ROTC 1/ ROTC 2:	
<ul style="list-style-type: none"> Sakaling 1 seksyon lamang ng ROTC 1 	ROTC 1 SCDE
<ul style="list-style-type: none"> Sakaling higit sa 1 seksyon ng ROTC 1 na may kaparehong <i>section code</i> 	ROTC 1 SCDE ROTC 1 SCDE-1 ROTC 1 SCDE-2
<ul style="list-style-type: none"> Sakaling 1 seksyon lamang ng ROTC 2 	ROTC 2 SCDE
<ul style="list-style-type: none"> Sakaling higit sa 1 seksyon ng ROTC 2 na may kaparehong <i>section code</i> 	ROTC 2 SCDE ROTC 2 SCDE-1 ROTC 2 SCDE-2

Iminumungkahing ipaubaya na lamang sa CRS ang paglalagay ng -1; -2;-3 sa seksyon sakaling higit sa isang seksyon na may magkaparehong *section code* ang ihahain ng Kolehiyo. Otomatiko itong lalagyan ng CRS ng “-1, -2, -3...” sakaling makita nito na higit sa isa ang inihahaing NSTP ng Kolehiyo na magkapareho ang *section code*.

Samantala, ipatutupad po mula sa semestrong ito ang *standardization* ng deskripsyon ng klase na nakasulat sa *remarks section* ng bawat kurso. Ang bahaging ito po ay maaaring baguhin anumang oras sa CRS kahit mayroon nang lamang mag-aaral ang klase. Nasa ibaba po ang *template* para sa *remarks* na napagkasunduan sa ginanap na Hulyo 26-27 *planning workshop* ng Pinalawak na Konseho ng NSTP. Ipinauubaya po sa mga Kolehiyo ang pagpapasya kung nanaisin pa ang pagdaragdag ng detalye sa napagkasunduang laman ng *remarks section*.

PARA SA NSTP/NSTP COMMON MODULE:	REMARKS
Halimbawa: NSTP Engg MCDE	This is offered by the <u>College of Engineering – Department of Industrial Engineering and Operations Research</u> . This NSTP will become <u>CWTS 1</u> that will focus on <u>DRRM</u> .
PARA INTEGRATED NSTP: Halimbawa: NSTP VSB MCJ	This is an integrated NSTP offered by the <u>Virata School of Business</u> . This is composed of the NSTP Common Module, <u>LTS 1</u> and <u>LTS 2</u> that will focus on <u>Financial Literacy</u> . The second part of the course requires an Academic Field Activity.
PARA SA CWTS 2/LTS 2:	
Halimbawa: LTS 2 CSSP MCDE	This is offered by the <u>College of Social Sciences and Philosophy – Department of Philosophy</u> and will focus on <u>Philosophy for Children</u> . This requires an Academic Field Activity.
Halimbawa: CWTS 1 Engg MCDE-2	This is offered by the <u>College of Engineering – Department of Industrial Engineering and Operations Research</u> and will focus on <u>DRMM</u> . This requires an Academic Field Activity.
PARA SA ROTC COMMON MODULE:	This is offered by the <u>Department of Military Science and Tactics</u> and will become <u>ROTC 1</u> that will focus on <u>markmanship and small unit tactics</u> . This requires an Academic Field Activity.
PARA SA ROTC 2:	This is offered by the <u>Department of Military Science and Tactics</u> and will focus on <u>markmanship and small unit tactics</u> . This requires an Academic Field Activity.

Bagaman po at maaaring huli na ito para makatulong sa pagpapatala ng karamihang mag-aaral sa panahong ito ng rehistrasyon, malaki pa rin po ang maitutulong ng mga

impormasyong ito sa magaganap na *redistribution* ng mga mag-aaral ng NSTP ngayong semestre kung kailan sila ay pipili ng kanilang kukumpletuhing *NSTP component*.

Mangyari pong makipag-ugnayan kayo sa aming Tanggapan sa *local 4525* sakali pong mayroon kayong mga katanungan o paglilinaw kaugnay ng mga nabanggit.

Maraming salamat po.

cc: OVCAA
Dekano ng Kolehiyo
Kalihim ng Kolehiyo